

Diwà ng Bayani

Handog sa "Kalipunan ng mga
Kapisanan sa Rizal."

Sa gitnà ng lagim ng pagpapatayan
Ang mga bayani'y walang agam-agam,
iMaapi! iMadustâ! ay di kailanġa't
Sa kanila yao'y dakilang tagumpay
Pagka't ang magbuhô ng dugô sa parang
Ng digmà, ay salesing nagpapakilalang:
iSila'y may bayan na, at lahing maalam.
Pumatid sa tali ng Kaalipinan!

Diwà ng bayani ibá kung umibig,
Di mo mahalatâ kungdi sa panganih,
Sa kanila'y walang sasambiting langit,
Ligaya't luwalhati, sumpâ, halik, titig,
Ng bayang inirog, kung hindi ang dibdib
Muna nila'y masdang sa sinsin ng tiuk
Ng mga sakuna't balà ng ligalig
Ay hindi marunong sumuko't madaig.

Lakas din at sigla binġit man sa libing!
Naghihinġalô na'y nangi-ngiti pa rin
Binubuhawi man ay di pinapansin
At mistulang walang takot salagimsin
Lugmok na't handusay sa dagok ng talim
Ng mga kalaba'y pag-asa't tapang din
Ang kilik ng diwà... sa alab ng mithing
Araw ay sumikat sa gabing malalim.

Ang tibok ng puso't dugong nanunulay
Sa ugat na lalong kaliitlitian,
Kilos, anyô, bakâ, kurô at palagay
Nila'y pawang tandâ sa lahi at bayan
Ng laya't panalig, twa't katubusan
Sa mga busabos ng kaalipinan,
At isang babala ng pananagumpay
Maging ng sa ngayon at kinabukasan.

Sa diwang bayani pangarap ang luhâ
Dusa't kamataya'y isang malikmatâ,
Ang saklap ay tamis, ang hirap ay twâ,
At wari'y libanġan lamang ang sakuna't
Dinadaluyong may di pa magambalâ....
Tâas din ang noô't ang bisig ay handang
Magtangol, humawi sa kawan ng samâ
Na ibig maghari sa linakhang lupâ.

Ang pusong bayani ay walang kilabot,
Diwâ'y walang gulat, budhi'y walang takot,
Lusungin ma'y bangit akyatin ma'y bundok
Ó kahit lakbayin ang boong sinukob,
Ay isa't buo rin at di madudurog
Ang banal na nasang sa baya'y ibandog
Ang wagas na suyo't dakilang pag-irog
Na di magmamaliw, dugô ma'y masabog!

Pawang kulay giutô ang mga pangarap
Ng pusong bayani't budhing walang siadak,
Sa kanila'y walang mga asal Hudâ
Mga isip Kain mga mapagbangap
Na ibig kilanling hari at mataas.
Ang kabayaniba'y iisa ang hanġad
Na ikamatay ma'y piliting sumikat
Ang araw na kaulong sa itim ng ulap.

Nang kung mamatay na't bangkay ay málibing
Sa bayang walâ nang busabos, alipin,
Ay mapatunayang silâ yaong binhing
Hindi malalantâ, ní di malalaging
At laging sariwâ, na doo'y palaging
Tatangap ng ngiti't sikat na magiliw
Nang araw at buan, talâ at bituin
Na di na may luhâ, may luksâ't kulimlim.

TALIBUGSO.

Mapaghinala...!

(Ikaw at ako lamang.)

Ikaw, magandang Taga-Langit, kaibigang mi-
namahal, bakit nagkakaganyán ka? ano't sulang-
sala na sa iyong loob ang kahi't sandali'y matung-
hán ko ang napagandang bulaklak ng iwi mong
halamanan? Nakasusunog bagá ang aking tingin?

Nag-aalaala kang bakâ maunsiyam! ang pi-
nakamamahal mong halaman; naghihinála kang
baka ko sinasanghán at ikinukubli sa iyo ang
aking pagdarayâ...

Na ako'y nagkasala? Hanggang saan daw ang
aking pagkakaila!

Ah, Taga-Langit! Wala akong masabi ni má-
gmitang pagkukulang sa iyo. Hangang ngayo'y
wala akong maturang nádamá ko kahi't isang
talulot ng marikit mong sampaga. Hangang
ngayo'y wala akong naiingatan sa budhi liban
na sa pagkalugod sa magandang nag-aalaga't
nagmamay-ari.

Nagdaramdam ka pa? Pinaghihinanaktán mo
pa akó? Diyata?.

Umid ako, mahal kong Taga-Langit, pagka't
di ko maalaman ang sanhi. Manalig ka, kaibi-
gan ko; siya'y... (ibubulong ko na lamang)...
iyong iyó, hwag kang mabalisa. Pahid ang
iyong luhâ't ikaw'y magpakaayos.

Ngayon, emátitiwasáy ka na kayâ?

Napapanġarap mong ako'y nakasasagwil?

Ha! ha! ha! Hindi't walang katapusang hindi,
aking Taga-Langit. Hindi ko siya maaring ma-
halin pagka't natatalós kong sa iyo nalalagak
ang mataimtim at wagas niyang mga sumpa sa
pag-ibig, at di man gayon, ay alam mo nang
siya'y kaibigan ko lamang. Hindi gaya ng iyong
hinalâ....

Masama pa rin ang iyong loob?

Akó'y magpapaalam na, Taga-Langit.

Ayaw pa rin naman siyang umalis akó.

Ayâw ka palâ'y bakit ka ganiyán?... Mag-
hinala ka pa ba?

Oo, pa?

Kung oo pa rin ay diyan ka na. Paalam at
hanggang sa muli.

TAGA-ULAP.

IMPRESA, LIBRERIA, PAPELERIA,
Fabricación de timbres de goma y de metal,
LORENZO CRIBE
Calle Crespo, No. 101. Quiapo, Manila, I. F.